

Ang Wais na Babae

Ang Wais na Babae ay Bumubuo ng Kaniyang Tahanan
akda ng isang mangmang na Unang Bumuo sa
Gumuguhong Buhangin

Erin Thiele

Pag-asa.org

Disenyo ni Dallas Thiele • NarrowRoad Publishing House

Ang Wais na Babae

Ang Wais na Babae ay Bumubuo ng Kaniyang Tahanan
akda ng isang mangmang na Unang Bumuo sa Gumuguhong Buhangin Kamay

Isang Aklat para sa mga Kababaihan
Sinulat ni Erin Thiele



Inilathala ni:
NarrowRoad Publishing House
POB 830
Ozark, MO 65721 U.S.A.

Ang mga materyales galing sa Restore Ministries ay isinulat para sa nagiisang layunin na hikayatin ang mga kababaihan. Para sa mas maraming impormasyon, maaaring bumista sa:

Pag-asa.org
EncouragingWomen.org

Ang pahintulot mula sa may-akda ay ibinigay sa mga nagnanais na magprint o magphotocopy ng librong ito para sa kanilang sarili o ibang tao, ay mahigpit na para sa paghihikayat at pagpapakalat ng impormasyon; gayunpaman, ang mga kopya o reprints ay hindi maaaring ibenta sa kahit na anong paraan ng walang naunang pahintulot na may kasulatan mula sa may-akda.

Maliban kung nasasaad, karamihan sa mga Bersikulo mula sa Banal na Kasulatan ay kinuha mula sa *Magan dang Balita Biblia (MBBTAG)* Ang mga quotations mula sa Banal na Kasulatan na may markang *MBBTAG* ay kinuha mula sa Ang Biblia ng Bibliya, at ang mga Banal na Kasulatang may markang *ABTAG1* ay kinuha mula sa *Ang Biblia*. Ang aming ministeryo ay hindi partial sa isang partikular na bersyon ng Bibliya ngunit **mahalin** silang lahat upang kami ay makatulong sa bawat kababaihan sa lahat ng denominasyon na nangangailangan ng paghihikayat at nagnanais ng mas malalim na relasyon sa kanyang tagapag ligtas.

Copyright © 2021 by Erin Thiele

ISBN: 1-931800-69-3
ISBN13: 978-1-931800-69-3

Dedikasyon

Ang workbook na ito ay iniaalay sa aking Diyos at Tagapagligtas, Hesukristo. Salamat at hindi mo ako iniwan. Salamat sa pagiging tapat sa iyong mga pangako, lalong lalo na sa Roma 8:28, “Alam nating sa lahat ng bagay ay gumagawa ang Diyos para sa mabuti kasama ang mga nagmamahal sa kanya, silang mga tinawag ayon sa kanyang layunin.”

Sa aking panganay na babae, Tyler, noong ako ay biniyayaan ng Diyos sa pamamagitan mo, Nagumpisa ang aking paglalakbay sa paghahanap kung paano maging Inang Maka Diyos, sa pag asa na ako ay magiging mabuting halimbawang iyong susundan. At sa aking mga anak na babae, Tara at Macy, naway’ masumpungan ninyo ang “magiliw at tahimik na espiritu, na kalugod lugod sa paninging ng Diyos.”

Sa aking apat na anak na lalaki, Dallas, Axel, Easton at Cooper, naway’ mahal ninyo ang mga babaeng inyong pakakasalan, “Sinomang lalaking nakakasumpong ng asawa ay nakasumpong ng mabuting bagay, At nagtatamo ng lingap ng Panginoon, “Sapagka’t ang kaniyang halaga ay higit na makapupo kay sa mga rubi”! Alam kong mamahalin ko ang bawat isa sa aking mga manugang kagaya ng aking pagmamahal sa bawat isa sa inyo.

Ang Kabanata 12 at 15 ay nakalaan para sa aking Ina, Grace McGovern, na yumao upang makasama ang ating Panginoon noong Abril 10, 2000. Ang kanyang halimbawa ng pagmamahal sa bawat isa sa kanyang pitong anak bilang “espesyal na biyayang galing sa Panginoon” ang naghikayat aa akin na gustuhin magka anak at magtiwala sa Panginoon para sa aking pagkayabong. Ang pagmamahal nya sa pagiging ina ang naghikayat sa akin na mahal n ang aking mga anak. Tama ang aking ina — “ang pagibig ay hindi nagkukulang kailanman”!

Sa maraming kababaihan na dumulog sa Restore Ministries at tumulong sa pag pagbabago, pag-edit at proofreading ng workbook: sa aking ina, Jo Hurts, Tammy Sutton, Rachel Floyd, Wendy Brayant, Marilyn Danielsin at Sarah Buzzard. Salamat sa inyong lahat! Kayo’y sagot sa aming mga dalangin.

At higit sa lahat, sa aking asawa para sa kanyang pagbalik sa aming tahanan at pagiging pinunong espiritwal sa aming tahanan at ministryo. Mas lalo kitang minamahal sa bawat araw.

Pagpapakilala

Ang librong hawak mo sa iyong mga kamay ay hindi inilaan para basahin at isantabi. Ang aking pag asa at panalangin ay makapgbigay ito sayo ng karunungan na iyong kakailanganin para maiiwas kang harapin ang pagtataksil o diborsyo. Para sa inyong nakakuha ng workbook dahil sa rekomendasyon sa *How God Can and Will Restore Your Marriage: A Book for Women from Someone Who's Been There*, Ako ay nakasisiguro na nakita ng Diyos ang inyong puso at sa mga oras na ito ay “malakas kayong sinusuportahan”.

Ito ang panahon para lahat ng kababaihan (at kalalakihan) ay maunawaan na *lahat* ng kasal ay nasa gumuguhong buhangin, hanggat hindi ito naitatayo sa pundasyon ng Bato na Salita Ng Diyos.

Habang iyong babasahin ang mga susunod na kabanata, ikaw ay malilinawan na ang iyong pagsandal ay dapat sa Diyos lamang, Ang Banal na Kasulatan lamang ang iyong kakailanganin upang mabago ang iyong pagiisip patungo sa paraan ng pagiisip ng Diyos at iyong isantabi ang opinyon ng mundo. Ngayon, iyong gawain na itayong muli ang iyong tahanan sa Batp sa pamamahitan ng *pagsasabuhay* ng Salita ng Diyos, hind sa *pakikinig lamang*.

Bago muling itayo, kailangan mayroon kang magandang blueprints. Ang iyong blueprints dapat ay ang Kanyang Salita, na iyong matatagpuan sa mga susunod na pahina. Pagkatapos, kailangan mong mahanap ang Cornerstone kung saan mo ito bubuuin palibot. Ang ating Cornerstone ay ang pagtanggap kay Hesus bilang ating Panginoon, hindi lang tagapagligtas. Atin itong tatalakayin sa ikalawang aralin.

Bilang may bagong pagiisip at ang blueprint ng Panginoon, ngayon ay maitatayo mo ng muli ang iyong tahanan sa halip na may kamangmangan na itayo ito sa gumuguhong buhangin. Para sa inyong nakaupo sa gitna ng kaguluhan dahil ang inyong bahay ay gumuho ng tuluyan (sa pamamagitan ng pagtataksil o paghihiwalay) ay mayroong kalamangan. Kayo ngayon ay may matinding pagnanasa na muling itayo dahil wala na kayong ibang matitirahan. Nandito ako noong aking sinumulan na isulat ang workbook para sa kababaihan. Napakasakit para sa akin, pero sulit ang bawat luhang aking iniyak!

Sa inyong nakatira sa tahanan may kaunting langitngit at paggalaw tuwing nagbabago ang panahon ay komportable, ngunit kukunin ng Diyos ang inyong atensyon o kung hindi man ay hindi nyo hawak ang manual na ito ngayon sa inyong mga kamay. Tandaan, sinabi ni Hesus **kapag** dumating ang ulan, hindi **kung** darating ito. At napakalinaw nyang sinabi na ang mga kabahayan na hindi nakatayo sa Batong pundasyon ay guguho, at ang pagguho nila ay magiging matindi! Ang iyong ulan at hangin ay darating sa pamamagitan ng pagtataksil ng iyong asawa, pagkakasakit o pagkamatay sa iyong pamilya, o problemang pinansyal. Gayon pa man, ang Diyos ay matapat; Kanyang gagamitin ang lahat ng paraan upang makuha ang *iyong* atensyon.

“Na ako'y may lubos na pagkakatiwala sa bagay na ito, na ang nagpasimula sa inyo ng mabuting gawa, ay lulubusin hanggang sa araw ni Jesucristo.” Fil 1:6. Ako ay nakatitiyak na lahat tayo ay magkakaroon ng pagsubok at kapighatian sa ating mga buhay; kaya't ating itayo ang ating mga tahanan sa Batong si Hesukristo at ang Kanyang mga Salita!

Talaan ng Nilalaman

1. Sa Batuhan	6
2. Ang Iyong Unang Pagibig	19
3. Isang Maamo at Payapang Espiritu.....	27
4. Kabutihang Loob ay Nasa Kaniyang Dila	37
5. Nanalo ng Walang Salita	44
6. Isang Babaeng Palatalo	63
7. Malinis at Magalang	72
8. Mga Babae, Magpasakop.....	87
9. Angkop na Katulong	106
10. Iba't-ibang Pagsubok	130
11. Kinapopootan Ko ang Paghihiwalay	138
12. Ang Bunga ng Sinapupunan	148
13. Ang Ministeryo ng Pakikipagkasundo.....	159
14. Ang Pamamaraan sa Kaniyang Tahanan	176
15. Mga Turo ng Iyong Ina	190
16. Mga Babae, Turuan ang mga Kabataang Babae.....	216
17. Buksan ang Bintana ng Kalangitan.....	226
Tungkol sa May Akda.....	238

“Ang Aking Bayan ay Nasira dahil sa Kakulangan ng Kaalaman”

Sa Batuhan

*“Kaya’t bawat dumirinig ng Aking mga Salitang ito, at ginaganap,
Ay maitutulad sa isang matalinong tao, na itinayo ang kanyang bahay sa ibabaw ng bato.
At lumagpak ang ulan, at bumaha, at humihip ang hangin,
At hinampas ang bahay na yaon; at hindi nabagsak,
Sapagka’t natatayo sa ibabaw ng bato.”*
Mat. 7:24-25.

Ang iyong tahanan ba ay nakatayo sa ibabaw ng bato? Ikaw ba ay nakasisiguro? Sapagkat sinabi ng Diyos sa Kanyang Salita na darating ang ulan. Ito ay maaring sa paraan ng pinansyal na krisis, pagkamatay ng mahal sa buhay, pagtataksil, problemang pangkalusugan or suwail na anak. Makakayanan ba ng Kasal mo? Matindi ang pagbagsak ng karamihan sa kasal – sa iyo na ba ng susunod? O di kaya, ito ay bumagsak na ng tuluyan. Mga Kababaihan, ngayon ang panahon itayo nating lahat ang ating mga tahanan sa Bato ni Hesukristo – **Kanyang Salita.**

Tayong mga kababaihan ay nagtutungo sa iba’t ibang Bible Studies at napakaraming seminaryo. Pinapagod natin ang ating sarili sa mga Salita, ngunit ang ating tahanan ay wala sa ayos at nagkakagulo. Karamihan sa ating mga asawa ay abala sa libangan, pampalakasan at kanilang trabaho kaya’t kaunti nalang o wala na silang panahon para aralin ang Salita ng Diyos. Naisip nyo ba na kung ang inyong kasal ay mauwi sa Diborsyo? Mabuti, pagkat Sinabi ng Diyos, “Kaya’t ang may **akalang** siya’y nakatayo, magingat na baka mabuwal.” 1Corinto 10:12.

Ang mga paraan ng mundo, na tumagos na sa mga simbahan at sa kanilang mga turo, ay nakakatiyak sa pagguho ng ating pag asa at plano para sa ating mga pamilya. Gusto mo ba talagang malaman kung ano ang sinasabi sa iyo ng Salita ng Diyos bilang babae, asawa at ina? Nabasa mo na ba ang blueprint ng Diyos at hinulma ang iyong tahanan ayon rito? Eto ang ilang mga katanungan na sasagutin sa pamamagitan ng mga Banal na Kasulatan sa mga susunod na aralin:

May mali ba sa diborsyo, lalo na sa ilang piling pagkakataon? Bakit nagreresulta sa diborsyo ang marriage counseling? Bakit maraming kababaihan ang nagpapakita ng ugali at katangian ng isang mabuting asawa patungo sa kanilang mga amo ngunit hindi sa kanilang mga asawa? Kung uunahin mo ang iyong asawa sa iyong buhay, anong mangyayari sa inyong kasal?

Anong kapahamakan ang dulot kung ang isang babaeng maybahay ay punuan ang lahat ng sarili nyang pangangailangan at ang kanyang asawa ay punuan din ang kanyang sariling pangangailangan? Ang iyong pastor ba ang dapat na iyong Pinunong Espiritwal? Bakit ang mga insulto at kademonyohan ay dumadating sa ating buhay, at paanong ito ay nakaugnay sa biyaya ng Diyos? Kung may tao o bagay tayong uunahin sa halip na ang Panginoon, ano ang gagawin ng Diyos upang tayo ay ilapit muli sa kanya? Ang ibang mangangaral ay tinuturuan tayong magalit; tama ba ito?

Mabuting Doktrina? Tayo bilang mga Kristiyano ay nagsisiya sa mga mensahe ng mga pulpito o Kristiyano sa radyo na nagpapaigting sa ating pananampalataya sa Panginoon, ngunit paano ang mga mensahe na

nagdudulot ng pananalig? Tayo ba ay tumatakbo palayo sa katotohanan? Karamihan sa mga mangangaral ay nagsasabi sa kanilang kongregasyon o manginginig kung ano ang *gusto nilang marinig*, ito ay nakakapagbigay ng pinakamalaking mga handog para sa kanilang mga ministryo. “Sapagkat darating ang panahong hindi na sila makikinig sa wastong katuruan; sa halip, susundin nila ang kanilang hilig. Maghahanap sila ng mga tagapagturo na walang ituturo kundi ang ibig lamang nilang marinig. Hindi na sila makikinig sa katotohanan, sa halip ay ibabaling ang kanilang pansin sa mga kathang-isip.” 2Timoteo 4:3-4.

Mababangis na Lobo. Binalaan tayo ni Hesus sa mga Pinunong Espiritwal na susubok na tayo ay linlangin. “Mag-ingat kayo sa mga huwad na propeta. Lumalapit sila sa inyo na parang tupa, ngunit ang totoo’y mababangis na asong-gubat. Makikilala ninyo sila sa kanilang mga gawa. . .” Mateo 7:15-16. Makikita natin ang pinansyal na bunga ng maraming ministryo, ngunit karamihan sa kanilang mga taga sunod ay nabubulok dahil sa kakulangan sa kaalaman. “Nalipol ang aking bayan dahil sa kamangmangan; sapagkat itinakwil ninyo ang karunungan...” Oseas 4:6. Sa tuwing kayo ay nakikinig sa mga pinakatanyag na Kristiyanong Mananalita, kayo ba ay nakakasiguro na ang kanilang impormasyon ay base sa mga Banal na Kasulatan, o base sa sikolohiya at ideyang pantao? Alam mo ba ang pagkakaiba? “Ang propeta na nanaginip, ay magsaysay *siya* ng isang panaginip; at siyang nagtamo ng aking salita, salitain *niya* ang aking salita na may pagtatapat. Ano ang dayami sa trigo? sabi ng Panginoon.” Jer. 3:28. Nakilala mo ba ang pagkakaiba ng dayami sa trigo?

Nakahanap ng Karunungan. “Anak ko, huwag mong hamakin ang parusa ng PANGINOON, ni mayamot man sa kaniyang saway; sapagka’t sinasaway ng PANGINOON ang kaniyang iniibig, gaya ng ama sa anak na kaniyang kinaluluguran. Mapalad ang tao na **nakakasumpung ng karunungan**, at ang tao na nagtatamo ng kaunawaan. Sapagka’t ang kalakal niya ay maigi kay sa kalakal na pilak, at ang pakinabang niyaon kay sa dalisay na ginto.” Mga Kawikaan 3:11-14. Kung ikaw ay nakarinig ng matinding mensahe na na nagsasabing “Pagpapasukob,” o “Ang Mapamintas na Babae,” o “Pagkapanalo sa Iyong Asawa sa PANANAHIMIK,” tatanggapin mo ba ito ng malugod o tatakbo ka palayo sa katotohanan?

Ang Kanyang Layunin. Alam mo ba ang pagkakaiba ng pananalig at paghatol? Si Satanas ay nagdadala sa atin ng paghatol – pagiiisip na nagbibigay sa atin ng kawalan ng pag asa. Ang Panginoon ay nagbibigay sa atin ng pananalig sa ating espiritu para ipamulat sa atin na may mga bagay sa ating buhay na kailangan nating baguhin. Lahat ng konsensya ay hindi masama. Bagkus, dapat tayong *makaramdam* ng konsensya kapag tayo ay nakakagawa ng masama. Kung ang tao ay hindi nakakaramdam ng konsensya o pagsisisi sa kanyang mga kasalanan, bakit sya magtitika? Kahit na ang kawalang pag asa na dulot ng paghatol ay magagamit sa kabutihan kung tayo ay hihingi ng tulong sa Diyos para sa pag asa. “Alam nating sa lahat ng bagay ay gumagawa ang Diyos para sa mabuti kasama ang mga nagmamahal sa kanya, silang mga tinawag ayon sa kanyang layunin.” Roma 8:28. Alam ba ninyo na sa maraming pagkakataon, magdudulot ang Diyos ng mga kahirapan sa ating buhay upang mapalakas ang ating relasyon sa kanya? Ang Diyos ang nagdala ng madaming pagsubok sa buhay ni Jonah upang mailabas ang pagiging masunurin nya, at ang Diyos ang bumulag kay Saul upang baguhin sya sa Makadiyos na si Paul. Mahalaga pa bang alamin kung saan nanggaling ang mga kahirapang ito kung hahayaan naman natin na ang bawat kapighatian na baguhin tayo ayon sa anyo ng Panginoon?

Aking Pamamaraan, aking Pagiisip. Ang mga nakasulat sa mga susunod na aralin ay maaring bago sa iyo. Marami sa katotohanang ito ay bihira, kung sakali man, na itinuturo ng mga pulpito, pinaguusapan sa Kristiyanong Istasyon sa radyo, o nasusulat sa mga Kristiyanong libro. “Sapagka’t kung paanong ang langit ay lalong mataas kay sa lupa, gayon ang aking mga lakad ay lalong mataas kay sa inyong mga lakad, at ang

aking mga pag-iisip kay sa inyong mga pag-iisip.” Isaias 55:9. Ang mga aral na ito ay madaling makikita sa mga Banal na Kasulatan, pero kadalasang kinakaligtaan, binubuhusan, o kinuha sa labas ng konteksto para mapanindigan ang kasalungat na opinyon o maging ang kasalanan. “Ang lahat ng salita ng Diyos ay mapananaligan; at siya ang kanlungan ng mga nananalig sa kanya. Huwag mong daragdagan ang kanyang salita sapagkat pagsasabihan ka niya bilang isang sinungaling.” Mga Kawikaan 30:5-6.

Ang bagbag at nagsising puso. Ang iyong puso ba ay bagbag at may pagsisisi? Ito ay marahil upang makatanggap ng Katotohanan. “Ang mga hain sa Dios ay bagbag na loob: Isang bagbag at may pagsisising puso, Oh Dios, ay hindi mo wawaling kabuluhan.” Mga Awit 51:17. Ito ay matabang lupa kung saan sinabi ng Panginoon na magbubunga ng mayayabong na prutas. “Pakinggan nga ninyo ang talinhaga tungkol sa manghahasik. Kung ang sinoman ay nakikinig ng salita ng kaharian, at ito'y hindi niya napaguunawa, ay pinaroroonan ng masama, at inaagaw ang nahasik sa kaniyang puso. Ito yaong nahasik sa tabi ng daan. At ang nahasik sa mga batuhan, ay yaong nakikinig ng salita at pagdaka'y tinatanggap ito ng buong galak; Gayon ma'y wala siyang ugat sa kaniyang sarili, kundi sangdaling tumatagal; at pagdating ng kapighatian o pag-uusig dahil sa salita, ay pagdaka'y natitisod siya. At ang nahasik sa mga dawagan, ay yaong dumirinig ng salita; nguni't ang pagsusumakit na ukol sa sanglibutan, at ang daya ng mga kayamanan, ay siyang umiinis sa salita, at yao'y nagiging walang bunga. At ang nahasik sa mabuting lupa, ay siyang dumirinig, at nakauunawa ng salita; na siyang katotohanang nagbubunga, ang ila'y tigisang daan, ang ila'y tiganim na pu, at ang ila'y tigtatlongpu.” Mateo 13:18-23.

Hindi ito narinig. “Subalit pinagpala kayo sapagkat nakakakita ang inyong mga mata at nakakarinig ang inyong mga tainga! Tandaan ninyo: maraming propeta at matutuwid na tao ang naghangad na makita ang inyong nasasaksihan at marinig ang inyong napapakinggan subalit **hindi nila ito nakita ni narinig.**” Mateo 13:15-17. Kakailanganun mo ng “tenga para makinig”, ibig sabihin ay pakikinig at kagustuhan makakuha ng kunpletong karunungan na kayang ihandog ng Bibliya.

Pagbubulaybulay sa umaga at gabi. Kailangan mong baguhin ang iyong pag-iisip, na ipantay ito sa sinasabi ng Diyos sa lahat ng bagay. Karamihan ay nakaasa sa kung ano ang sikat ayon sa pamantayan ng mundo o sumusunod sa tinatawag na na “dalubhasa” sa larangan. Wag nating kalimutan na ang Diyos ang ating tagapaglikha. Hindi ba niya alam kung paano pakibagayan ang bawat pangyayari o relasyon na Kanyang ginawa? “Kundi ang kaniyang kasayahan ay nasa kautusan ng PANGINOON; At sa kautusan niya **nagbubulaybulay siya araw at gabi.** At siya'y magiging parang punong kahoy na itinanim sa siping ng mga agos ng tubig, Na nagbubunga sa kaniyang kapanahunan, Ang kaniyang dahon nama'y hindi malalanta; *At anomang kaniyang gawin ay giginhawa.*” Mga Awit 1:2-3.

Kanyang Salita ay Katotohanan. Si Satanas ay susubukang tuksuhin kang tanggihan kung ano ang nakasulat sa workbook na ito. Susubukan nyang gumawa ng pagkakawatak sa pamamagitan ng pag-iisip mo o pagsasalita na sumasalungat sa may akda. Una, hindi mahalaga kung ano ang sinusulat o sinasabi ng may akda. Ang mahalaga ay kung ano ang sinabi ng Diyos, dahil Siya ang May Akda at Lumikha ng buhay. Ikalawa, dapat nating tandaan na si Satanas ay susubukang pahinain ang loob mo; Pagkakawatak ang isa sa mga paborito nyang taktika. Kung hindi ka naniniwala sa mga nakasulat sa mga aralin na ito, may tatlo kang pagpipilian: 1) Maaari kang makipagusap sa sinomang *kakilala mo* na sasang ayon sa iyo. 2) Maaari mo lamang kunin kung ano ang gusto mo at ipasa ang ang iba kagaya ng sa handaan. 3) *maaari mong hanpin ang katotohanan.* “Pakabalanin mo sila sa katotohanan: **ang salita mo'y katotohanan.**” Juan 17:17. Pakiusap piliin mong hanapin ang katotohanan. Walang dapat ikatakot sa katotohanan; sa halip ito ang magpapalaya sa iyo. “Kung patuloy kayong susunod sa aking turo, kayo nga'y tunay na mga alagad ko.”³² Makikilala ninyo

ang katotohanan, at ang **katotohanan ang magpapalaya sa inyo.**” Juan 8:31-32. Inuulit ko, kung kayo ay may katanungan tungkol sa materyal na ito, hinihikayat ko kayong hanapin ang Salita upang makita ang katotohanan.

Hanapin at iyong Matatagpuan. “Gayon ma'y hanapin ninyo ang kaniyang kaharian, at idaragdag sa inyo ang mga bagay na ito.” Lucas 12:31. “Kaya't sinasabi ko sa inyo, humingi kayo at kayo'y bibigyan; humanap kayo at kayo'y makakatagpo; kumatok kayo at kayo'y pagbubuksan.” Lucas 11:9. Gamitin ang inyong concordance; hayaang gabayan ka ng Panginoon sa lahat ng katotohanan. Kabisaduhin ang isang taludtod at pagnilayan ito ng paulit ulit sa iyong isip. Darating ang araw na parang may ilaw na magbubukas sa isang madilim na kwarto; at malalaman mo ang katotohanan! Sulit ba ang pagod? Mayroon ka bang panahon? “Kaya ituro mo sa amin ang pagbilang ng aming mga kaarawan, Upang kami ay mangagtamo sa amin ng pusong may karunungan.” Mga Awit 90:12. Kung Siya ang una nating hahahanapin, pinapangako Nya na ibibigay nya sa atin ang lahat.

Gutom at Pagkauhaw. Kung tayo ay mga mananampalataya, kung tayo ay Kristiyano, gayon ang ating layunin sa mundo ay luwalhatiin ang Panginoon sa lahat ng ating ginagawa, Hindi ba iyon ang ginawa ni Hesus sa Kanyang buhay? At, kung tinatawag natin ang sarili nating Kristiyano, tayo ay dapat na sumusunod kay Kristo. Tayo nga ba? Paano natin sinusunod si Kristo? Marahil sinubukan mo ng sundan si Kristo ng maraming beses noon, pero ikaw ay nadapa at hindi na makabangon. Kung bubuksan mo ang iyong puso sa Diyos at patuloy na magbabasa ng mga Banal na Kasulatan na makikita sa mga susunod na aralin, ang Kanyang Salita ay magdudulot sa iyo ng pagkagutom at pagkauhaw para sa Kanya at sa Kanyang katotohanan. “Mapalad ang mga nagugutom at nauuhaw sa katuwiran, sapagkat sila ay mabubusog.” Mat. 5: 6. “Tulad ng usa na pantalon para sa mga sapa ng tubig, sa gayon ang aking kaluluwa ay nagsisiwala sa Iyo, O Diyos.” Mga Awit. 42: 1. Napakagandang paraan ng pakiramdam tungkol sa Panginoon at sa Kanyang Salita!

Ang Kanyang Salita. Ang Banal na Kasulatan ng Diyos ay ang pinakaimportanteng Salita sa mga susunod na pahina; *pakiusap huwag ninyo itong laktawan.* **Ang Kanyang Salita ay Nakakapaghilom.** “Sinugo niya ang **Kaniyang Salita**, at *pinagaling sila*, At *iniligtas sila* sa kanilang mga ikapapahamak.” Mga Awit 107:20. Ang Kaniyang Salita ay ilaw na magliliwanag sa kadiliman. “**Ang Salita mo'y ilawan sa aking mga paa**, At *liwanag sa aking landas.*” Mga Awit 119:105. Ang Kaniyang Salita ay Katotohanan. “Ang kabuoan ng iyong salita ay katotohanan; At bawa't isa ng iyong matutuwid na kahalutan ay magpakailan man.” Mga Awit 119:160.

Gawin mo na lang! Oras na maumpisahan mong maunawaan at tanggapin ang katotohanan sa Diyos, kailangan mong isabuhay ang mga Salita. “Sapagkat ang nakikinig ng salita **ngunit hindi sumusunod dito** ay katulad ng isang taong tumitingin sa salamin, at pagkatapos makita ang sarili ay umaalis at kinakalimutan ang kanyang anyo.” Santiago 1:23-24. Kailangan mong isabuhay kung ano ang iyong natutunan, o kailanman ay hindi magkakaroon ng pagbabago sa iyong buhay!

Masigasig para sa kung anong mabuti? Hayaang ang alalahaning ito ang mangibabaw sa iyong pag iisip: ang mga turo sa workbook ay isinulat ng isang masigasig (isang panatiko). Naging ganoon ako nung ako ay ibinalik sa sulok ng aking buhay. Naging ganoon ako noong ako ay lumulubog at naghahanap ako ng bagay o tao na makakapaligtas sa akin. “Datapuwa't pagkakita niyang *malakas* ang hangin, ay natakot siya, at nang siya'y malulubog, ay sumigaw, na nagsasabi, ‘Panginoon, iligtas mo ako!’” Mateo 14:30. Naging ganoon ako noong nakakita ako ng malaking puwang sa aking buhay na nagbibigay sa aking puso ng sakit dahil sa aking

kadeperdahan na mapunan ang pagkukulang na ito. Kung nandito ka ngayon sa iyong buhay, ikaw rin ay magiging masigasig. Sumunod ka ng masigasig – at magliw!

Ang masigasig na pagtuturo ay kailangan ng may masigasig na pagsunod. “At sino naman ang gagawa sa inyo ng masama kung **masigasig kayo sa paggawa ng mabuti?**” 1 Pedro 3:13. “Ang lahat kong iniibig, ay aking sinasaway at pinarurusahan: ikaw nga’y **magsikap**, at magsisi.” Apocalipsis 3:19. Itinawag ni Hesus ang ganoong klase ng masigasig na pagsunod sa kanyang pagtuturo habang Siya ay naglakad sa mundo. “At kung ang kamay mo o ang paa mo ay makapagpapatid sa iyo, ay putulin mo, at iyong itapon: mabuti pa sa iyo ang pumasok sa buhay na pingkaw o pilay, kay sa may dalawang kamay o dalawang paa na ibulid ka sa apoy na walang hanggan.” Mateo 18:8. Aking masasabi na ito ay mga masigasig na pagtuturo mula sa Panginoon.

Tara, sumunod ka sa Akin. “At pagtitig sa kaniya ni Jesus, ay giniliw siya, at sinabi sa kaniya, Isang bagay ang kulang sa iyo: yumaon ka, ipagbili mo ang lahat mong tinatangkilik, at ibigay mo sa dukha, at magkakaroon ka ng kayamanan sa langit: at pumarito ka, sumunod ka sa akin. Datapuwa't siya'y nahapis sa sabing ito, at siya'y yumaong namamanglaw: sapagka't siya'y isang may maraming mga pagaari. At lumingap si Jesus sa palibotlibot, at sinabi sa kaniyang mga alagad, “Kay hirap na magsipasok sa kaharian ng Dios ang mga may kayamanan!” Marcos 10:21-23. Kagaya ba tayo ng mayamang lalaki, na hindi sumusunod kay Hesus? Ilang beses ka na ba Niyang tinawag, pero ikaw ay nakatali sa mga bagay ng mundo kaya pinili mong hindis siya sundan? Wag mong palampasin ito ngayon; tinatawag Niya ang iyong pangalan.

Isantabi ang bawat pagkagambala. “Kaya't yamang nakukubkob tayo ng makapal na bilang ng mga saksi, **itabi namang** walang liwag ang *bawa't pasan*, at ang *pagkakasalang pumipigil sa atin*, at ating takbuhing may pagtitiis ang takbuhing inilagay sa harapan natin....” Hebreo 12:1. “Ang gabi ay totoong malalim, at ang araw ay malapit na: **iwaksi nga natin** ang mga *gawa ng kadiliman*, at ating isakbat ang mga sandata ng kaliwanagan.” Roma 13:12. “...At **inyong iwan**, tungkol sa paraan ng inyong pamumuhay na nakaraan, ang *dating pagkatao*, na sumama ng sumama ayon sa mga kahalayan ng pagdaraya....” Efeso 4:22. Kailangan mong baguhin kaagad ang iyong buhay at mangako sa sarili na susunod kay Hesukristo. Kailan ang susunod na pagkakataon na ikaw ang Kanyang tatawagin? Ito na ba ang huli mong pagkakataon? Ngayon pagnilayan mo ang berskikulong ito: “Ni hindi nga ninyo alam kung ano ang mangyayari sa inyo sa araw ng bukas! Ang buhay ninyo'y parang usok lamang, sandaling lumilitaw at agad nawawala.” Santiago 4:14. Gawing may bilang ang bawat pagkakataon, araw araw.

Maligamgam. Para sa inyong nagsasabi na kayo ay may masayang tahanan, itong workbook ay maaring maging masyadong masigasig dahil wala namang makakapagpaganyak sa inyong magbago. “Alam ko ang mga ginagawa mo. Alam kong hindi ka malamig ni mainit. Mabuti pa sana kung ikaw ay malamig o mainit. Ngunit dahil ikaw ay **maligamgam**, hindi mainit ni malamig, *isusuka kita*.” Pahayag 3:15-16. Ikinagagalit ng Diyos ang mga maligamgam na Kristiyano. Ikaw ba ay nag aalab para sa Kanya? Ano ang kailangan Niyang gawin sa iyong buhay para ikaw ay lumapit patungo sa Kanya at sa Kanyang Salita? Alam ko kung ano ang nawala para sa akin!

Mapagpakumbabang-loob. Ang mga mahihirap ay walang wala; kung kaya't mas madali para sa kanila na iwan ang lahat para sundan Siya at ang Kaniyang Salita. “Sumasa akin ang Espiritu ng Panginoon, Sapagka't ako'y pinahiran niya upang ipangaral ang mabubuting balita sa mga dukha.” Lucas 4:18. Ikaw ba ay bangkaroteng espiritwal? “Mapapalad ang mga **mapagpakumbabang-loob**: sapagka't kanila ang kaharian ng langit.” Mateo 5:3. Kung ikaw ay bangkaroteng pinansyal, ikaw ay masigasig na nagdarasal para

makahanap ang iyong asawa ng trabaho o mas mainam na trabaho upang iyong mabayaran ang inyong mga singil at mapakain ang iyong pamilya, pero paano naman ang espirital na pagkain na kailangan **mong** ibahagi sa iyong mga anak?

Itinayo ang kaniyang bahay sa buhangin. Ating harapin, karamihan sa atin ay nagtayo ng ating bahay sa lumulubog na buhangin ng mga turo ng mundo. Hinahanap natin ang lahat ng *kasalungat* sa buhay at turo ng Panginoong Hesukristo! Alam mong bilang lang ang panahon bago gumiba ang iyong bahay ng mga baraha. Nakita natin ang mga pahiwatig; nakita natin ang ibang Kristiyanong kasal na nagiba. Anong kasiguraduhan na ang iyo ay maninindigan? Ang mga kababaihan na nakahanap at nakapagbasa ng manual na ito kung saan ang kanilang tahanan ay tuluyan ng nagiba, “at matindi ang paggiba neto”, ay mayroong kalamangan. Dahil sila ay wala ng matitirahan, kanilang pinupulot ang mga piraso ng kalat at nagsisimulang bumuo muli. Wala silang ibang pagpipilian; Ginawa ng Diyos ito para sa kanila. “Ang bawat nakikinig ng aking salita ngunit hindi naman nagsasagawa ng mga ito ay maitutulad naman sa isang taong hangal na nagtayo ng kanyang bahay sa buhanginan. Umulan nang malakas, bumaha at binayo ng malakas na hangin ang bahay. Ito ay bumagsak at **lubusang nawasak.**” Mateo 7:26-27. Umpisahang muling itayo ang iyong bahay, paunti unti, kahoy sa kahoy, sa Batuhang si Hesukristo. Gamiting *lamang* ang kaniyang salita bilang inyong blueprints. Hayaang ang workbook na ito ang maghikayat sa iyo at tulungan kang maliwanagan sa mga lugar na may kinalaman sa iyong pinagdadaanan at sitwasyon sa iyong buhay.

Wag kang matakot sa kanila; alalahanin ang Panginoon. At siya'y nagsalita sa harap ng kaniyang mga kapatid, at ng hukbo ng Samaria, at nagsabi, Anong ginagawa nitong mahihinang Judio? magpapatibay ba sila? mangaghahain ba sila? wawakasan ba nila sa isang araw? kanila bang bubuhayin ang mga bato mula sa mga bunton ng dumi, dangang nangasunog *na* ang mga yaon?... Kahit ba noong sila ay nagtatayo — kung ang soro ay tumalon dito, mababasag niya ang inyong batong dingsing pabagsak!” Nehemias 4:2. Asahan ang panlilibak at panunukso habang iyong inumpisahan na buuing muli ang iyong bahay. Basahin ang buong kabanata ng Nehemiah para sa pagganyak at paghahanda.

Markahan sa iyong Bibliya ang mga sipi na nagpapaliwanag kung ano ang kanilang ginawa para magtagumpay laban sa mga pumipigil sa kanila. Una, sila ay nagdasal noong sila ay inumpisahan na kutsain at binigyan sila ng Diyos ng direksyon kasama ang “pagiisip na magtrabaho.” Sumunod, nagtayo sila ng mga depensa, araw at gabi. Alam din nila ang kanilang mga kahinaan at nagtayo ng iba pang depensa sa mga bahaging iyon. (Tunog giyera diba? Para sa mas maraming kaalaman sa Espiritwal na Pakikipaglaban na iyong hinaharap araw araw, tignan ang ikalimang aralin, “Naipanalo sa Katahimikan,” dahil “Ang aking bayan ay nasira dahil sa kakulangan ng kaalaman: sapagka't ikaw ay nagtakuwil ng kaalaman...” Hosea 4:6.)

Ang mga pinuno ay kinailangan ding makipaglaban sa takot ng mga pinapamunuan nila. Kakailanganin mo ng kalakasang espirital para hikayatin ang iyong mga anak pag sila ay nagumpisa ng matakot. “At ako'y tumingin, at tumayo, at nagsabi sa mga mahal na tao, at sa mga pinuno, at sa nalabi sa bayan: **Huwag kayong mangatakot sa kanila: inyong alalahanin ang Panginoon,** na *dakila at kakilakilabot*, at ipakipaglaban ninyo ang inyong mga kapatid, ang inyong mga anak na lalake at babae, ang inyong mga asawa at ang inyong mga bahay.” Nehemias 4:14. Sa Makatuwid, nakita ng kalaban na ang **Diyos** ang nakipaglaban para sa Israel. Ang ating kalaban ay ang demonyo, o ang mga nagtatrabaho para sa demonyo, ay makikita din ang Diyos “Sapagka't ang ating pakikibaka ay hindi laban sa laman at dugo, kundi laban sa mga pamunuan, laban sa mga kapangyarihan, laban sa mga namamahala ng kadilimang ito sa sanglibutan, laban sa mga ukol sa espiritu ng kasamaan sa mga dakong kaitaan.” Efeso 6:12.

Payuhan kita gamit ang Aking mga mata. Ipagpapatuloy mo ba ang pagsunod ng may masigasig na pangakong kinakailangan? Hindi natin kayang baguhin ang ating mga sarili. Tayo ay makasalanan; ang ating katuwiran ay wala kundi mistula basahan. Kung hahayaan natin ang Diyos na gumawa sa atin, uumpisahan Niyang baguhin ang kalooban natin. “Aking ipaaalam sa iyo at ituturo sa iyo ang daan na iyong lalakaran: **Papayuhan kita na ang aking mga mata**, ay nakatitig sa iyo. Huwag nawa kayong maging gaya ng kabayo, o gaya ng mula na walang unawa: Na marapat igayak ng busal at ng paningkaw upang ipangpigil sa kanila, Na kung dili'y hindi sila magsisilapit sa iyo.” Mga Awit 32:8-9.

Naaayon sa Kaniyang layunin. Ang Diyos ay dumating sa atin sa eksaktong oras ng ating pangangailangan. Hahayaan niya tayong makarating sa punto ng pagbabago sa ating buhay (gamit ang iba't ibang pagsubok) upang matuto tayong sumandal sa kaniya. Sa oras ng pagkabalisa ay hahanapi natin Siya, at hahayaan Niyang Siya'y matagpuan. Sa panahon lang ng pagkasira nagkakaroon ng pagbabagong pang habambuhay. Maaari natin Siyang purihin sa lahat ng bagay dahil mayroon tayong kasiguraduhan na “gumagawa ang Diyos para sa mabuti kasama ang mga nagmamahal sa kanya, silang mga tinawag ayon sa kanyang layunin.” Roma 8:28. Makikita natin mula sa passage na ito na ang ating mithiin ay dapat na naaayon sa kanyang layunin. Ano nga ba ang Kaniyang layunin para sa ating buhay? Karamihan sa atin ay pamilyar sa Roma 8:28, pero upang tuluyang maunawaan ang kaniyang layunin kailangan natin patuloy na magbasa, “ Sapagka't yaong mga nang una pa'y kaniyang nakilala, ay itinalaga naman niya na **magingkatulad ng larawan ng kaniyang Anak**, upang siya ang maging panganay sa maraming magkakapatid: At yaong mga itinalaga niya, ay kaniyang tinawag naman: at ang mga tinawag ay inaring-ganap naman niya: at ang mga inaring-ganap ay niluwalhati din naman niya. Ano ang ating sasabihin sap mga bagay na ito? Kung ang Dios ay kakampi natin, sino ang laban sa atin?” Roma 8:29-31.

Ipinagdadamot ka ba ng iyong mga gawa sa Kanya? Mahal mo ba siyang talaga na sasapat para Siya ay iyong sundin, kahit ikaw ay maging masigasig? Tayo ba ay mas nagaalala sa **ating layunin o sa Kaniyang layunin** para sa bawat sitwasyon sa ating buhay? Nasaan ang iyong puso? Maraming pagkakataon kung kailan dumadating ang pagsubok sa ating buhay, tayong sumusunod upang maging komportable o maprotektahan ang ating sarili sa kung ano man ang nakakapanakit sa atin. Ngunit kung magpapatuloy ang pagsubok at paghihirap, doon natin nakikita ang pangangailangan para sa permanenteng pagbabago. Nakakabuo tayong ng pag-iisip, na nagbubunyag ng mga dahilan kung bakit hinayaan ng Diyos ang mga pagsubok. Maaari, ito ay para sa ating kaligtasan o kaligtasan ng mahal natin sa buhay; ngunit, nakasisiguro, ang pagsubok na ito ay para sa pagkabanal natin upang ang ating mga gawain ay hindi na siya pagkaitan. “Ang sabi nila'y kilala nila ang Diyos, **ngunit ito'y pinapasinungalingan ng kanilang mga gawa**. Sila'y kasuklam-suklam, suwail at hindi nababagay sa gawang mabuti.” Tito 1:16.

Aking pusong bato. Habang tayong ay naghihintay para sa araw ng ating kasiyahan, hinihikayat tayong ng Diyos na maging tiyak sa ating buhay panalangin. Gusto niya tayong dalhin sa puntong tayong ay umiiyak ng husto sa Kaniya. Kailan ka darating sa ganitong punto? Ikaw ba ay iiyak sa oras ng pagkalito o kailangan pang umabot sa punto ng pagkawala ng mahal sa buhay sa kamatayan? Maaaring ang takot ay dala ng banta na maaaring mawala ang minamahal upang makarating k asa ganoong punto. Posibleng ang pagkasira ng iyong kasal ang makapagpaliyak sa iyo patungo sa Diyos. Kailangan nating tanuning ang ating mga sarili, gaano katigas ang aking puso? “Bibigyan ko rin naman kayo ng bagong puso, at lalagyan ko ang loob ninyo ng bagong diwa; at aking aalisin ang **batong puso** sa inyong katawan, at aking bibigyan kayo ng pusong laman.” Ezekiel 36:6. Ikaw ba ay handang hingi sa Diyos ang pagbabagong ito, “ano man ang kinakailangan”? Sinabi ng Diyos na kung ikaw ay hihingi, ikaw ay makakatanggap. “Humingi kayo at kayo'y bibigyan; humanap kayo at kayo'y makakatagpo; kumatok kayo at kayo'y pagbubuksan.” Mateo 7:7.

Nagpapatigas ng leeg. Kung tayo ay tunay na Kristiyano, tagasunod ni Kristo, tayo ay may pagnanais na mapalapit sa Kaniya. Ikaw ba ay nangungulila sa Kaniya? O ikaw, sa kabilang banda, ay pinapalibutan ang iyong sarili ng mga bagay na papatay sa kagustuhang iyon? Kung ganoon. Ikaw ay Kristiyanong hindi nag-aalab para sa Diyos, ngunit tumalikod. “Ang tumatalikod ng kaniyang puso ay mabubusog ng kaniyang sariling mga lakad: at masisiyahan ang loob ang taong mabuti.” Mga Kawikaan 14:14. Nakuha mo na ba ang iyong kagustuhan o kailangan mong mawasak? “Ang madalas na masaway na **nagpapatigas ng kaniyang leeg, biglang mababali, at walang kagamutan.**” Mga Kawikaan 29:1.

Bagbag at nagsisising puso. Maaari mong sabihin sa iyong sarili na marami kang ginagawa para sa Panginoon. Marami kang oras na inaaksaya sa simbahan o mga ibat ibang komite. Akala mo ito ay tunay na sakripisyo at nagpapatunay na ikaw ay nasa tamang lugar kasama ang Diyos. “Sapagka't hindi ka nalulugod sa hain; na kung dili ay bibigyan kita. . . Ang mga hain sa Dios ay bagbag na loob: **isang bagbag at may pagsisising puso,** Oh Dios, ay hindi mo wawaling kabuluhan.” Maga Awit 51:16.

Pagkalumbay na ikapagsisis. Upang makapagsisi at tumalikod mula sa maligamgam na buhay na ating isinabuhay, tayo ay kailangan manghingi ng tawad. “Ngayo'y nagagalak ako, hindi dahil sa inyong pagkalumbay, kundi dahil sa inyong mga **pagkalumbay na ikapagsisis;** sapagka't kayo'y pinalumbay sa paraang ukol sa Dios, upang sa anoman ay huwag kayong mangagkaroon ng kalugihan dahil sa amin. Sapagka't ang kalumbayang mula sa Dios, ay gumagawa ng pagsisisi sa ikaliligtas, na hindi ikalulungkot: datapuwa't ang kalumbayang ayon sa sanglibutan ay ikamamatay.” 2 Corinto 7:9-10.

Gumigiba ng maling haka at bawat bagay na matayog. Ano ang nakakapagpahiwalay sa iyo sa karunungan ng Diyos? Ano ang pumipigil sa iyo na basahin ang Kaniyang Salita araw araw? Kung hindi una ang Diyos sa buhay mo, ano? Ang iyong pamilya? Ang iyong hanapbuhay? Crafts? Telebisyon at katuwaan? Ano ang nagpapanatili sa iyong maging abala upang pigilan ka kahit sa pagbibigay ng kahit na dalawang isip sa Diyos? “**Ginagapi namin ang lahat ng pagmamataas laban sa kaalaman** tungkol sa Diyos, at binibihag namin ang lahat ng isipan upang matutong sumunod kay Cristo. Kapag lubos na ang inyong pagsunod, nakahanda kaming parusahan ang lahat ng mga ayaw sumunod.” 2 Corinto 10:5-6.

Ipagtapat ang iyong kasalanan sa isa't isa. Sa mga hinayaan ang sarili nilang na mahatulan ay handa ng magdala ng pagbabago sa kanilang buhay. Kung ikaw ay handa na, magsimula sa pagtapat. “Kaya nga, **ipagtapat ninyo sa inyong mga kapatid ang inyong mga kasalanan** at ipanalangin ninyo ang isa't isa, upang kayo'y gumaling. Malaki ang nagagawa ng panalangin ng taong matuwid.” Santiago 5:16. Kung ikaw ay hindi sugatan, maaaring ibinaba niyo na ang mga pahinang ito o ipinagpatuloy ang pagbabasa upang patunayan sa iyong sarili na ikaw ay mabuting Kristiyano na iyong sinasabi. Sa kasamaang palad, alam natin pareho na hindi nito mababago ang iyong buhay at hindi makakapasok sa iyong puso. Ito ay bahagyang tatakbo pababa sa iyong buhay kagaya ng tubig sa likod ng pabo.

Huwag magulat sam ga mabibigat na pagsubok. Ang mga pahinang ito ay isinulat ng isang sugatan. Ginagamit kadalasan ng Diyos ang mga tao sa ating buhay upang tayo ay mawasak. Maaaring kainisan lang sa umpisa; hanggang ito ay humanting na sa tuluyang pagkabigo. Tayo ba ay lumalapit sa Kaniya sa ganitong pagkakataon o pinapatigas natin ang ating mga puso at leeg? Sinusubukan ng Diyos na tayo ay baguhin, hulmahin. “Mga minamahal, **huwag kayong mangagtaka tungkol sa mahigpit na pagsubok** sa inyo, na dumarating sa inyo upang kayo'y subukin, na waring ang nangyayari sa inyo'y di karaniwang bagay: Kundi kayo'y mangagalak, sapagka't kayo'y mga karamay sa mga hirap ni Cristo; upang sa pagkahayag ng kaniyang kaluwalhatian naman ay mangagalak kayo ng malabis na galak.” 1 Pedro 4:12.

Kadalasan ay hindi natin gusto ang sitwasyon o taong nagdadala ng pagsubok sa ating buhay dahil hindi natin makita na ang *Diyos* ang nasa likod nito. Nagiging masalimuot at galit tayo sa tao o pangyayari na Kaniyang ginagamit. Sinusubukan nating sirain ang relasyong ito, upang malaman na sinusundan lang tayo. Mahal kong mananampalataya, ang Panginoon ay sinusubukan tayong baguhin, dahan dahan sa simula, hanggang sa nagiging matigas na ito. (Tignan ang aralin 10, “Iba’t ibang Pagsubok”, “Ang aking bayan ay nasira dahil sa kakulangan ng kaalaman: sapagka’t ikaw ay nagtakuwil ng kaalaman, akin ka namang itatakwil...” Oseas 4:6)

Inilayo ang mangliligaw at kaibigan. Madalas kinakailangan na tanggalin ng Diyos ang kaibigan o minamahal upang maging una *Siya* sa ating buhay. Maaaring nasa malamig na kasal tayo o hiwalay o diborsyado. Ang ating mga anak, magulang, ay maaaring hindi tayo kinakausap. Posible na ang ating mga kapatid ay hindi rin nakikipagusap sa atin. “Mangliligaw at kaibigan ay inilayo mo sa akin, At ang aking kakilala ay sa dilim.” Mga Awit 88:18. “Iyong inilapag ako sa pinakamalalim na hukay, Sa mga madilim na dako, sa mga kalaliman. Lubhang idinidiin ako ng iyong poot, At iyong pinighati ako ng lahat mong mga alon. *Selah. Iyong inilayo sa akin ang kakilala ko; Iyong ginawa akong kasuklamsuklam sa kanila: Ako’y nakulong at hindi ako makalabas.” Mga Awit 88:6-8.

**Selah ay kadalasang makikita sa libro ng Mga Awit upang tanungin ang mambababasa na magisip at magnilay kung ano ang kanilang nabasa. Sundin ito sa pamamagitan ng pagninilay kung ano ang nakasulat sa Psalmist. Basahin ulit kung kinakailangan. Bakit ka nagmamadali?*

Makikita nila ang Diyos. Paano *ko* makikita ang Panginoon? Una, kailangan mo ng karanasan ng pagkasilang muli; pagkatapos, uumpisahan Niya ang paglilinis ng iyong kalooban. Kung hindi natin iintindihin ang pamamaraan ng Diyos, tayo ay panghininaan ng loob at madaming pagdududa ang papasok sa ating isipan. “Pinagpala ang mga may *malinis na puso*, sapagkat **makikita nila ang Diyos.**” Mateo 5:8. Gusto ng Diyos na maging una sa ating mga puso. (Tignan ang susunod na aralin, “Ang iyong Unang Minahal,” dahil “Ang aking bayan ay nasira dahil sa kakulangan ng kaalaman: sapagka’t ikaw ay nagtakuwil ng kaalaman...” Oseas 4:6.) Gusto Niyang isalamin ng ating buhay si Hesukristo.

Nangaliwanagan sila. Gusto mo bang masalamin sa iyo ang pagmamahal at liwanag ng Panginoon? *Ngayon mismo*, aking kapatid kay Cristo, ang iyong pagkakataon; wag mo itong sayangin. Wag kang tumalikod; gawin ito ngayon. Lumapit sa Kaniya at sa Kaniya lamang. Gawin ito ngayon! “Sila’y *nagsitingin sa kaniya*, at **nangaliwanagan**: at ang kanilang mukha ay hindi malilito kailan man.” Mga Awit 34:5. Napansin mo ba ang iyong mukha ngayon? Ito ba ay bumagsak? “At sinabi ng Panginoon kay Cain, ‘Bakit ka naginit? at bakit namanglaw ang iyong mukha? Kung ikaw ay gumawa ng mabuti, di ba ikaw mamarapatin? at kung hindi ka gumawa ng mabuti, ay nahahandusay ang kasalanan sa pintuan at sa iyo’y pahihinuhod ang kaniyang nasá, at ikaw ang papanginoonin niya.” Genesis 4:6. Kamusta ka? Kung ikaw ay hindi maayos sinasabi ng Diyos na, “nahahandusay ang kasalanan sa pintuan.” Marahil, hinayaan mo ng makapasok ang kasalanan.

Magdasal ngayon. “Ano man ang kinakailangan para palambutin ang aking puso sa mga araling ito, Gawin mo Panginoon ...”

Praktikal na Aplikasyon

Nakikinig ng Salita ngunit hindi sumusunod. “Sapagkat ang **nakikinig ng salita ngunit hindi sumusunod** dito ay katulad ng isang taong tumitingin sa salamin; Nguni’t ang nagsisiyasat ng sakdal na kautusan, ang

kautusan ng kalayaan, at nananatiling *gayon*, na hindi tagapakinig na lumilimot, kundi tagatupad na gumagawa, ay pagpapalain ang taong ito sa kaniyang ginagawa.” Santiago 1:23-24.

Laban sa Iyo, Iyo lamang, Ako ay nagkasala. Upang maibuo muli sa Batuhan, kailangan nating tanggapin ang ating mga kasalanan sa harap ng Diyos. Maliban kung maintndihan natin na tayo ay makasalanan, hindi tayo makakahakbang pasulong. Habang iyong binababasa ang mga araling ito, ikaw ba ay naliwanagan sa iyong mga pagkakasala o gumawa ka ng mga dahilan at nanisi ng ibang tao? Aking minamahal, kung ginagaya mo ang mundo sa pamamagitan ng pag rationalize ng iyong mga kasalanan at paggamit ng mga dahilan at paninis isa ibang tao (lalong lalo sa iyong asawa) ng kaniyang pagkakamali at pagkukulang, ikaw ay siguradong patungo sa espiritwal na kamatayan. Imbis na tumingin sa ibang tao na nadapa sa ilang mga lugar, tignan ng mabuti ang iyong sarili.

Kung ikaw ay nasa malakas na pananalig, pakiusap tumigil na ngayon, lumuhod, at hingin na Espiritu Santo na ipakita **sayo** at panaligin **ka** sa **iyong** kasalanan sa harap ng Diyos. Hingin sa Kaniya na ipakita sa iyo ang iyong mga pagkakasala at kung sino ang iyong mga nasaktan. Umpisahan sa pagdadasal nito:

“Maawa ka sa akin, Oh Dios, ayon sa iyong kagandahang-loob: ayon sa karamihan ng iyong malumanay na mga kaawaan ay pinawi mo ang aking mga pagsalangsang. Hugasan mo akong lubos sa aking kasamaan, at linisin mo ako sa aking kasalanan. Sapagka't kinikilala ko ang aking mga pagsalangsang: at ang aking kasalanan ay laging nasa harap ko. **Laban sa iyo, sa iyo lamang ako nagkasala**, at nakagawa ng kasamaan sa iyong paningin: upang ikaw ay ariing ganap pag nagsasalita ka, at maging malinis pag humahatol ka. Likhaan mo ako ng isang malinis na puso, Oh Dios; At magbago ka ng isang matuwid na espiritu sa loob ko. Huwag mo akong paalisin sa iyong harapan; At huwag mong bawiin ang iyong santong Espiritu sa akin.”

“Tbalik mo sa akin ang kagalakan ng iyong pagliligtas: At alalayan ako ng kusang espiritu. Kung magkagayo'y ituturo ko sa mga mananalangsang ang iyong mga lakad; At ang mga makasalanan ay mangahihikayat sa iyo. Iligtas mo ako sa salang *pagbububo ng dugo*, Oh Dios, ikaw na Dios ng aking kaligtasan: At ang aking dila ay aawit ng malakas tungkol sa iyong katuwiran. Oh Panginoon, bukhin mo ang aking mga labi; At ang aking bibig ay magsasaysay ng iyong kapurihan. Sapagka't hindi ka nalulugod sa hain; na kung dili ay bibigyan kita: Wala kang kaluguran sa handog na susunugin. Ang mga hain sa Dios ay bagbag na loob: Isang bagbag at may pagsisising puso, Oh Dios, ay hindi mo wawaling kabuluhan.” Mga Awit 51:1-17.

Pag amin sa iyong kasalanan. Oras na aminin natin ang ating kasalanan sa harap ng Diyos, kailangan din nating aminin na tayo ay nagkulang at aminin ang kasalanan natin sa bawat isa. Muli, kung ang iyong konsensya ay nasasapawan, babawasan mo ang iyong kasalanan, at *hindi* ka magkakaroon ng tagumpay sa iyong buhay! “Kaya nga, **ipagtapat ninyo sa inyong mga kapatid ang inyong mga kasalanan** at ipanalangin ninyo ang isa't isa, upang kayo'y gumaling. Malaki ang nagagawa ng panalangin ng taong matuwid.” Santiago 5:16.

Pinagaling sila ng Kaniyang Salita. Nasa Salita ng Diyos ang ating pagbabago at paghilom. “Sinugo niya ang **kaniyang salita, at pinagaling sila**, At iniligtas *sila* sa kanilang mga ikapapahamak.” Mga Awit 107:20. Kailanga nating umpisahang baguhin ang ating mga isip. **Gamit ang 3x5 cards, isukat ang mga bersikulo mula sa araling ito na magdulot sa iyo ng malaking pananalig sa iyong puso.** Gawin din ang mga ito sa mga susunod na aralin. Itago ang mga cards na ito sa iyong pitaka at dalhin palagi uwing ikaw ay hinikayat ng Espiritu Santo. Kung hindi ka niya hinihikayat, ipinalangin mo ito.

Sa Diyos. Hindi tayo dapat makipaglaban sa laman. Kailangan nating makipagtulungan “sa Diyos,” gumalaw sa kaniyang direksyon, at gamitin ang Kaniyang Espiritu para gawin kung ano ang ating kailangang gawin. “Hindi ito kayang gawin ng tao, ngunit hindi ito imposible sa Diyos. Sapagkat ang lahat ng bagay ay kayang gawin ng Diyos.” Marcos 10:27. “Datapuwa’t sinabi niya, Ang mga bagay na di mangyayari sa mga tao ay may pangyayari sa Dios.” Lucas 18:27. Kahit anong uri ng plano ay makakapagpagal sa atin at magpapasuko. “Ang nagtatanim para sa sarili niyang laman ay **aani ng pagkabulok mula sa laman.** Ngunit ang nagtatanim para sa Espiritu ay aani ng buhay na walang hanggan.” Galacia 6:8. Ang paglaban sa laman ay nagdudulot ng pansamantalang pagbabagong panlabas laban sa permanenteng pagbabagong pangkalooban. “...sapagka’t ang mga bagay na nangakikita ay may **katapusan**; datapuwa’t ang mga bagay na **HINDI nangakikita** ay **walang hanggan.** 2 Corinto 4:18.

Ang pagbuwal ng matuwid na tao. Ilagay sa kamalayan na ang pagkabuwal at kabiguan ay darating, ngunit *kailangan mong muling tumayo.* “Sapagka’t ang **matuwid ay nabubuwal** na makapito, at *bumabangon uli...*” Mga Kawikaan 24:16. Lahat tayo ay mabubuwal, ngunit kung ano ang iyong gagawin **kung** ikaw ay mabuwal ang makapapagpahiwalay sa matuwid at hindi matuwid! Ang kabuuang ikasampung aralin ng librong ito ay nakalaan upang maging alerto tayo sa mga pagsubok ng Buhay Kristiyano. Pero sa ngayon, dapat magkamalay tayo na hawak tayo ng lubid ng kasalanan natin hanggang sa kamuhian natin ito na tayo ay iiyak sa Diyos ng paulit ulit upang maiwaksi natin ang tukso ng mga ito. “Ang sarili niyang mga kasamaan ay kukuha sa masama. At siya’y matatalian ng mga panali ng kaniyang kasalanan.” Mga Kawikaan 5:22. Inuulit ko, kailangan nating makipagtulungan “sa Diyos,” dahil alam nating mas alam nya ang makabubuti. “Sa aba niya, na nakikipagpunyagi sa May-lalang sa kaniya —isang bibinga sa gitna ng mga bibinga sa lupa! Magsasabi baga ang putik sa nagbibigay anyo sa kaniya, ‘Anong ginagawa mo?’” Isaias 45:9.

Ipagmamalaki ang aking mga kahinaan. At sa wakas, oras na matamasa natin ang matamis na tagumpay sa “pamamagitan ni Kristo”, kailangan nating ibahagi ang ating testimony sa lahat ng ipadadala Niya sa ating buhay. Madali para sa iba na ibahagi si Hesukristo bilang kanilang tagapagligtas sa bawat taong makakausap nila. Kung nag aalab kang ganoon para sa Panginoon, purihin ang Diyos! Ang Iba ay nabibigong ibahagi ang kanilang pagkaligtas sa kahit na kanino; ito ay kanilang sikreto ng Panginoon. Walang pagdududa, magpapadala ang Diyos ng mga kababaihan sa iyong buhay upang buksan ang pinto para iyong ibahagi kung ano ang ginawa ni Kristo para sa iyo. “..Kundi inyong ariing banal si Cristo na *Panginoon sa inyong mga puso: na lagi kayong handa* ng pagsagot sa bawa’t tao na *humihingi sa inyo ng katuwiran tungkol sa pagasang nasa inyo,* nguni’t sa kaamuan at takot...” 1 Pedro 3:15. Iyo bang bubuksan ang iyong bibig? “Mapalad siyang pinatawad ng pagsalangsang, Na tinakpan ang kasalanan! Nang ako’y tumahimik, ay nanglumo ang aking mga buto, Dahil sa aking pagangal buong araw.” Mga Awit 32:1-3. Ating sanayin ang ating mga labi na ibahagi ang kapangyarihan ng Diyos laban sa mga kasalanan sa pamamagitan ng pagpapakumbaba ng ating sarili at pagmamalaki ng ating mga kasalanan. “At siya’y nagsabi sa akin, ‘Ang aking biyaya ay sapat na sa iyo: sapagka’t ang *aking* kapangyarihan ay nagiging sakdal sa kahinaan.’ Kaya’t bagkus akong **magmamapuri na may malaking galak sa aking kahinaan** upang *manahan nawa sa akin ang Kapangyarihan ni Cristo.*” 2 Corinto 12:9.

Hayaang ang Kapangyarihan ni Kristo ang Mamahay sa Akin...Amen at Amen!

Pansariling Pangako: na umpisahang buuin o muling ibuo ang aking tahanan sa Bato. “Mula sa aking natutunan mula sa Salita ng Diyos, ako ay nangangako na ikukumpisal ang aking pagiging maligamgam

patungo kay Kristo at gawin ang mga tamang hakbang para baguhin ang aking isipan. Pinapangako ko na hahayaan ko ang Panginoon na gumawa sa akin upang aking matamo ang matamis na tagumpay sa aking makasalanang buhay. Nangangako din ako na ibibigay ko sa Diyos ang papuri at parangal na dapat sa Kanya sa pagbabahagi ng aking testimony asa iba.”

Petsa: _____ Pirma: _____

Babala: Ang materyal na iyong nabasa at babasahin ay hindi maaaring italakay sa iyong asawa. Hindi ito payo, bagkus ay pangangailangan. Maraming nakakasirang resulta ang naganap sam ga kasal at mga kababaihan na walang ideya o may kagustuhan na ibinahagi at tinalakay ang mga impormasyong natutunan.

Ang ilang kababaihan ay ginamit ang mga sipi laban sa kanilang mga asawa upang sila ay magapi sa kanilang isip ng “Dapat ikaw...!” Ang iba naman na may busilak na puso na nagbahagi ng kanilang natutunan sa kababaang loob at ito ay ginamit ng kanilang mga asawa upang sila ay pabagsaking tuluyan.

Kung kaya, mahalagang tanungin kita, bilang kapatid kay Kristo, na lagdaan ang pangakong ito bago ipagpatuloy ang materyal dahil ang ating mga asawa ay dapat “mapanalunan sa katahimikan, Sa pagkamasid nila ng inyong ugaling mahinhin na may takot.” 1 Pedro 3:2.

Kung kayo ay nagtataka kung paano ninyo maiiwasan ang tukso ng pagsasabi sa inyong asawa, bibigyan ko kayo ng pagtakas. “Wala pang pagsubok na dumating sa inyo na hindi nararanasan ng ibang tao. Tapat ang Diyos, at hindi niya ipapahintulot na kayo'y subukin nang higit sa inyong makakaya. Sa halip, pagdating ng pagsubok, bibigyan niya kayo ng lakas upang makayanan ito at ng paraan upang malampasan ito.” 1 Corinto 10:13.

Ibahagi ang materyal na ito, bawat konsepto at bawat aralin, sa madaming kababaihan, bata o matanda, na mahahamanap ninyo hanggat sa makalimutan ninyo ito sa inyong sistema. Habang inyong isinasabuhay ang mga aralin na ito sa inyong tahanan “ng hindi nagsasalita” ang iyong asawa ay maaaring magtanong kung ano ang nagdulot sa inyong magbago. Sa puntong ito, maaari kang sumagot ng payak na “Akonay nagbabasa ng workbook para sa mga kababaihan; mayroon ding panglalaking manual. Kung interesado ka ay maaari kitang ikuha” at tapusin ang paguusap.

Personal na Pangako: Na ibahagi ang materyal na ito sa ibang kababaihan. “Mula sa aking nabasa, ako ay nangangako na ibabahagi ko ang materyal na ito sa pawang kababaihan lamang. Ako din ay nangangako na mananahimik at hindi iiwan ang materyal na ito kung saan man na maaaring mabasa ng hindi sinasadya ng aking asawa. Kung ang aking asawa ay magtanong kung bakit nagkaroon ng positibong pagbabago sa akin, ako ay nangangakong sasagot gamit ang pahayag na nasa itaas lamang.”

Petsa: _____ Pirma: _____

Tungkol sa May Akda

Si Erin Thiele ay isang asawa at in asa apat na lalaki, Dallas. Axel, Easton, at Cooper, at tatlong babae, Tyler, Tara at Macy. Ang kanyang paninindigan sa kasal ay naitayo sa Bato na Salita ng Diyos noong siya ay nasa kalagitnaan ng pagsubok na maipanumbalik ang sarili niyang kasal; Iniwan si Erin ng kaniyang asawa para sa ibang babae at tuluyan siyang dinoborsyo. Pagkatapos ng dalawang taon ang asawa niya ay bumalik at ang kanilang kasal ay milagrong naipanumbalik!

Ang Restore Ministries ay nagsimula noong naghanap si Erin sa lahat ng denominasyon sa kanyang lugar ngunit hindi niya nahanap ang kaniyang kailangan. Ang *Paano Ang DIYOS Marri at Nais Magbuo na Muli ng Iyong Buhay May-asawa: Isang Libro Para sa Mga Babae Nagmula sa Pagbubuong Muli ng Buhay May-asawa* ay isinulat upang makatulong sam ga kababaihan na ipinadala ng Panginoon sa kaniya. Isinulat ang *Ang Wais na Babae* habang inaaakay siya ng Panginoon na ihanda ang kaniyang tahanan para sa pagbabalik ng kaniyang asawa. Limang taon ang nakalipas naisulat naman ang *How God Will Restore Your Marriage: There's Healing after Broken Vows* and *A Wise Man* para sa kalalakihan. Ang karanasan ng mag asawa ay isang makapangyarihang testimonya sa mga Pangako ng Diyos at ang Kaniyang Katapatan.

Kung kayo ay may access sa Internet, siguraduhing puntahan ang Restore Ministries Encouraging Women website sa RMIEW.com. Sa aming website ay mababasa mo ang makapangyarihang testimony ang mga naipanumbalik na kasal, sumali sa aming Restoration Fellowship, ay tuklasin ang iba pa naming resources kagaya ng *Ang Wais na Babae Bible Studies* at ibang kursong Online at sa aming bookstore EncouragingBookstore.com

Kung gusto ninyong masanay kung paano maging ministro, maaaring dumulog sa aming website upang alamin ang higit pa tungkol sa RMIOU “Restore Ministries International Online University” RMIOU.com

Ang Testimonya kung Paano Binalik Muli ng Diyos ang aming Kasal Mula kay Dan Thiele

Gustong ibahagi ni Dan ang testimonya ng pagpapanumbalik ng aming kasal dahil sabi sa Bibliya sa Apocalipsis 12:10-11, “Ngayo'y dumating ang kaligtasan, at ang kapangyarihan, at ang kaharian ng ating Dios, at ang kapamahalaan ng kaniyang Cristo: sapagka't inihagis na ang tagapagsumbong sa ating mga kapatid na siyang sa kanila'y nagsusumbong sa harapan ng ating Dios araw at gabi. At siya'y kanilang dinaig dahil sa dugo ng Cordero, at dahil sa salita ng kanilang patotoo, at hindi nila inibig ang kanilang buhay hanggang sa kamatayan.”

Ang aming kasal ay patay na ngunit sa pamamagitan ng pagbuhos ng dugo Niya, ito ay muling nabuhay. Ang aming pag asa at dalangin ay ang aming testimonya ay makatulong sa iyo o sa sinomang kakilala mo na mapagtagumpayan ang kasamaan. Binibigay namin sa Diyos ang lahat ng parangal para sa ginawa Nya sa aming buhay.

Noong Enero ng 1989, Iniwan ko si Erin para sa ibang babae. Ngunit, binigyan ng Panginoon si Erin ng puso at pagtitiis na maniwala na kayang ibalik muli ng Diyos ang aming kasal. Sa kalagitnaan ng maalab na pagsubok na ito kung saan si Erin ay naging isang bagong babae. Inaral nya ang Bibliya na tumatalakay sa kasal at isinabuhay ang mga prinsipyo sa kanyang buhay. Hindi nya sinabi sa akin, Nakita ko nalang sa kanya.

Tulad ng tatlong kabataan na inihagis sa nag aalab na pugon, si Erin din ay naging masyadong “maluwag” sam ga bagay sa kanyang buhay na kanyang “ikinatali”. Nasumpungan din nya ang sarili nyang naglalakad kasama ang iba, ang kanyang mahalagang Panginoon. (Tignan sa Daniel 3:25.)

Halos lahat, kahit ang mga iginagalang na pastor sa aming siyudad, ang nagsabi kay Erin n walang pag asa ang makipaglaban sa aking kagustuhan na iwan siya at sumama sa ibang babae. Ngunit natagpuan ni Erin sa Salita ng Diyos na “walang anumang bagay na hindi kayang gawin ng Diyos”! (Lucas 1:37) Sa mga panahong ito niya natagpuan ang Restore Ministries upang matulungan ang ibang kababaihan na may kagustuhang ibalik ang kanilang kasal.

Doon nagsimula si Erin na umpisahan ang pag ministryo sa pamamagitan ng pagbahagi sa bawat isa sa kanila ng mga Kasulatan na ipinakita sa kanya ng Panginoon. Di naglaon, masyado ng maraming kababaihan ang kailangan nyang tulungan, kaya nagsimula syang mag type ng mga sanggunian ng Bibliya gamit ang lumang typewriter na binigay ng kanyang ina. Ilan sa mga kababaihan na dumudulog sa kanyang mga pagpupulong ay hindi kailanman nakahawak ng Bibliya sa kanilang mga kamay, kaya inumpisahan ni Erin na itype ang buong mga bersikulo at gumawa ng kopya para iministryonsa mga nasasaktan at inabandonang kababaihan.

Gayonman, habang mas dumarami ang natutulungan na kababaihan ni Erin, mas lalong lumalala ang kanyang sitwasyon. Ang kanyang nagniningas na hurno ay lumakas noong akin siyang dinoborsyo ng October 1990 sa kadahilanang binayaran ito ng ibang babae. Gayunpaman, nakita ko na mayroon siyang kapayapaan, kapayapaan na kanyang kailangan upang hindi labanan o harangin ang diborsyo, ngunit magtiwala sa kanyang Panginoon. Hindi nagpatinag, ipinagpatuloy ni Erin ang pag ministryo sa ibang kababaihan sa pagbabahagi ng Salita ng Diyos. Sinabi nya kalaunan sa akin na nangako sya sa Panginoon na kung Ibabalik Nito ang kanyang kasal sa lalaking kanyang minamahal, ako, iaaalay nya ang buong buhay nya sa pagtulong sam ga kababaihan na dumadaan sa krisis ng kasal. Ginawa Niya, at ginawa ni Erin.

Ang aming kasal ay milagrong naibalik muli sa malaking kadahilanan na gawa ng pagsunod ni Erin na hindi kumuha ng abogado. Iniligtas ako ng Diyos sa aking kasalanan (na agad kong pinagsisihan ng ito ay maging pinal) noong nadiskubre na kahit na ginantimpalaan ng Judge ang diborsyo noong October 30, ang mga papeles na isinampa ng aking abogado ay ibinalik dahil sa kamalian sa paperwork! Ito, para sa akin, ang unang senyales mulas a Diyos na Siya, “kahit papano” ay ililigtas ako sa mga tanikala na nakasalalay sa nangangalunya. Kung si Erin ay mayroong abogado, o kung nilabanan nya ako, ang diborsyo ay hindi maibabalik at hindi din ako kailanman babalik.

Si Erin ay “Umasa laban sa pagasa” (isa sa mga paborito nyang Banal na Kasulatan Roma 4:18) at natanggap ang kanyang milagro noong January 29, 1991 sa oras na 11:10 ng gabi kung kailan ako muling bumalik sa aming tahanan at kay Erin at sa apat naming anak. Ito ay pagtapos ng aking pangangalunya, at pagtapos ko siyang diborsyohin, lagpas ng kaunti sa dalawang taon mula ng iwan ko siya at mahigitbisang taon ng magumpisa siyang mag ministryo sa mga kababaihan.

Ang Pagsisimula ng Restore Ministries International

Sa sumunod na limang taon, binigyan kami pareho ng Panginoon ng kagustuhan sa aming puso at biniyayaan kami ng tatlo pang “restorasyon” na mga sanggol habang patuloy si Erin sa pagministeryo sa ibang kababaihan. Noong 1996 ang unang bersyon ng *Paano Ang DIYOS Marri at Nais Magbuo na Muli ng Iyong Buhay May-asawa: Isang Libro Para sa Mga Babae Nagmula sa Pagbubuong Muli ng Buhay May-asawa* ay nailathalang lokal at ipinadala sa buong mundo. Itong libro ay binubuo ng mga pangunahing kabanata na kinuha mula sa *Ang Wais na Babae* Ang Wais na Babae ay Bumubuo ng Kaniyang Tahanan akda ng isang MANGMANG na Unang Bumuo sa Gumuguhong Buhangin na pinagsama sama ni Erin. Eto ay simpleng mga aralin na kanyang isinulat para sa kanyang Restoration Fellowship na nagsimula habang ako ay wala at nagpatuloy kada linggo sa loob ng ilang taon pagkatapos kong bumalik sa aming tahanan.

Doon nagsimula ang libo libong hiling para sa kanyang libro na nagumpisa sa aming ministeryo Restore Ministries International at ang aming mga publisher mula sa iba’t ibang dako ng U.S at mundo.

Maraming libro ang naipadala sa mga bilangguan sa ibat ibang bahagi ng U.S. Mga kalalaking sumulat na nagsasabing sila ay biniyayaan at nagsimulang makaranas ng naipanumbalik na kasal pagkatapos basahin ang restoration na libro para sa mga kababaihan! Doon nahikayat si Erin na magsulat ng bersyon para sa mga kalalaking. Di kalaunan, sya ay nagsulat din ng manual para sa kalalaking, *A Wise Man Builds upon a Rock: By A FOOL Who Built on Sinking Sand* para samahan ang libro ng men’s restoration.

Ngayon, sa pamamagitan ng RMI “Restore Ministries International” kami ay nagmiministeryo sa mga kalalaking at kababaihan sa pamamagitan ng Internet, mga libro, at videos. Noong 2005 ang RMI ay nahati sa dalawang ministeryo: Encouraging Women at Encouraging Men.

Nakita ko sa aking buhay, at sa maraming mga tao na aming natulungan, na ang Diyos ay higit na magagawa na magpahilom at maisalba ang kahit na anong kasal! Hinihikayat ko kayo na magbasa, basahin ulit at paulit ulit ang mga libro upang matutunan ang katotohanan na magsasalba sa inyong kasal at ang mga testimonya upang palakasin ang inyong pananampalataya upang ikaw rin ay MANIWALA sa pangako ng Panginoon na maipanumbalik ang iyong kasal!

Kapag iyong binasa ang mga testimonya, markahan ang mga “tila” imposibleng sitwasyon na kahalintulad ng sa iyo; pero pakiusap, wag mong ituon kung paano naiiba ang iyong sitwasyon. Sapagkat ito ay naiiba dahil ang Diyos ay nakatingin, sa katotohanan ay “nagsisiyasat sa palibot ng BUONG lupa, upang PAGTIBAYIN na suportahan ka” (2 Cronica 16:9) upang bigyan ka ng testimonya na kakaiba, natatangi at “tila” imposible kung hindi dahil sa Diyos na tulungan ang iba.

Ang aming unang FAITH BUILDING *By the Word of Their Testimony* na libro ay parehas may first person at third person na testimonya. Dati mayroon kaming lugar na pinapagpadalhan ng Praise Reports sa aming website, kami ay nakakatanggap ng maraming testimonya ng naipanumbalik na kasal mula sa ibat ibang pinagkukuhanan. Lahat kami ay nagagalak na marinig mula mismo sa sariling bibig ng mga tao, kaya ngayon ay mayroon kaming mga testimonya mula sa first person sa karamihan ng aming libro ng testimonya. Kung sa first or third person man, lahat ng testimonyang ito ay nagbibigay “papuri sa Diyos”!

Sinabi sa akin ni Erin na ang nakatulong sa kanya sa diborsyo na aking isinampa laban sa kanya (dahil sa aking kahangalan) ay ang kanyang kaibigan na si Sue (na nakilala ko ng isang beses), Sinabi ng asawa ni Sue kay Erin, “Kung minamahal mo ang iyong asawa kagaya ng pagmamahal ni Sue sa akin, at sinusunod mo

ang mga bagay na ginagawa ni Sue para sa akin—ang iyong kasal ay maipapanumbalik din. At higit sa lahat, kahit pa sabihin niya na hindi ka niya mahal, mahal ka niya.”

Hayaan nyo akong sabihin ang parehas na bagay sa inyo. Kung iyong susundin ang tinuturo ni Erin sa kanyang mga libro at dalhin ang iyong puso sa kung ano ang sinasabi niya sa kanyang mga videos, kagaya ng pagpapaubaya sa iyong asawa (dahil yon ang pumukaw sa aking atensyon). At kung ikaw ay magkakamit ng parehas na tahimik at pagiging masunurin na nakita ko kay Erin (at nakita ko sa maraming kababaihan na dumulog sa aming ministryo na ngayon ay mayroon ng naipanumbalik na kasal). Walang pagdududa na ang iyong asawa ay uuwi din. At kung sinabi niya sa iyo na hindi ka niya mahal, kahit pa anong sabihin niya, mahal ka niya. Sundan mo lang ang Panginoon at mahalín mo rin siya at huwag kang pumagitna sa ginagawa ng Diyos. Maraming bagay ang nangyari sa akin upang makita ang aking mga kamalian at gayon din ang katotohanan para sa iyong asawa.

Huling bagay bago ako magtapos. Si Erin ay hindi kailanman nakarinig ng isang naipanumbalik na kasal bago niya tulungan si Sue at nakita na naipanumbalik ang kanya. Kahit kami ay nakakakuha ng daan daang testimony ng mga naipanumbalik na kasal mula sa maraming kababaihan sa aming libro at naka post sa aming site. Lahat sila ay nagtataglay ng bagay na kailangan hanapin ni Erin (at Sue) sa kanilang Bibliya (na ngayon ay nasa libro, videos at mga online lessons) at sila parin ay nagreklamo na ang kanilang kalagayan ay masyadong mahirap. Hindi ko alam kung paano nagawa ni Erin, pero alam ko na kung gusto mo ang gustong ibigay ng Diyos sa iyo (at mailigtas ang asawa mo kung saan siya patungo) gawin mo ito sa paraan ng Diyos ng may pananampalataya.

Hindi ko binigyan si Erin ng hinala kailanman na ako ay babalik, pero nakatingin siya sa Panginoon at nangaliwanag.

~ Dan


*“Sila’y nagsitingin sa kaniya at nangaliwanagan: At ang kanilang mukha ay hindi malilito kailan man” —
Mga Awit 34:5*

Si Erin ay sumulat ng iba pang libro gamit ang kakaiba niyang pamamaraan ng mga Banal na Kasuoatan para mag ministryo sa mga saw isa pagibig at mga espirital na bihag. “Sinugo niya ang **Kaniyang Salita**, at pinagaling sila, At iniligtas sila sa kanilang mga ikapapahamak” (Mga Awit 107:20). Mahahanap ang lahat ng kanyang mga libro sa isa sa mga websites ng RMI:

EncouragingBookstore.com
Amazon.com

Ang aming Ibalik Serye

sa EncouragingBookstore.com & Amazon.com



Paano Ang DIYOS Marri at Nais Magbuo na Muli ng Iyong Buhay May-asawa: Isang Libro Para sa Mga Babae Nagmula sa Pagbubuong Muli ng Buhay May-asawa



Paghahanap ng Masaganang Buhay

Mangyaring bisitahin ang aming Mga Website kung saan makikita mo rin ang mga librong ito bilang LIBRENG Mga Kurso para sa mga kababaihan.

Restore Ministries International

POB 830 Ozark, MO 65721

Para sa mas maraming tulong

Maaaring bumisita sa isa sa aming mga websites:

Pag-asa.org

EncouragingWomen.org

HopeAtLast.com

LoveAtLast.org

RestoreMinistries.net

RMIEW.com

Aidemaritale.com (Pranses)

AjudaMatrimonial.com (Portuges)

AyudaMatrimonial.com (Espanyol)

Eeuwigdurendeliefde-nl.com (Dutch)

EvligliginiKurtar.com (Turko)

EternalLove-jp.com (Japanese)

Uiteindelikhooop.com (Mga afrikaans)

Zachranamanzelstva.com (Slovak)

Wiecznamilosc.com (Polish)

EncouragingMen.org